## Unang Hari ng Israel

(1 Samuel 8-15 & 28-31)



Noong unang panahon, sa lupain ng Israel, ang mga tao ay walang tagapamunong hari. Sa halip, sila ay may mga hukom at mga propeta upang tulungan at pangunahan sila. Ngunit nais ng mga Israelita na magkaroon sila ng isang hari, tulad ng ibang mga bansa. Binalaan sila ni Samuel sa maaaring mangyari kapag sila ay pinamunuan na ng isang hari, ngunit hindi nila ito pinakinggan. Tinugon ng Diyos ang hiling ng mga tao, at pinili niya ang isang lalaking nagngangalang Saul upang maging kanilang hari.

Si Saul, mula sa lipi ni Benjamin, ay ang pinakamakisig at pinakamatangkad na lalaki sa buong Israel. Minsan nawala ang mga asno ng kanyang amang si Kish kaya't siya at inutusang hanapin ang mga ito. Ang pagkakataong ito ang naging dahilan upang magtagpo sina Saul at Samuel. Subalit bago pa man magtagpo ang dalawa, nagpakita ang Diyos kay Samuel at sinabi sa kanya na darating ang lalaking kanyang pinili na magiging tagapagtanggol ng Kanyang bayang Israel. Kinabukasan nang dumating si Saul sa lugar kung nasaan si Samuel, sinabi ng Diyos kay Samuel, "Iyan ang lalaking sinasabi ko sa iyo na maghahari sa Israel." Itinalaga ni Samuel si Saul bilang hari ng Israel gaya ng inutos ng Diyos.

Sinimulan ni Saul ang kanyang paghahari nang may katahimikan, ngunit mabilis niyang pinatunayan ang kanyang sarili bilang isang mahusay na pinuno. Isa sa mga unang nagawa niya ay ang talunin ang mga Ammonita, ang mga kaaway ng Israel, na nagtamo sa kanya ng pagkilala ng mga tao. Patuloy na pinangunahan ni Saul ang pakikipaglaban sa iba pa nilang mga kaaway, na nagpatatag ng kapangyarihan at ng sarili bilang isang malakas na hari.

Gayunpaman, nagbago ang kapalaran ni Saul dahil sa kanyang pagsuway sa mga utos ng Diyos. Sa isang mahalagang pangyayari, ipinag-utos ni Samuel kay Saul na maghintay sa kanya upang maghandog ng mga hain bago ito pumasok sa labanan, laban sa mga Filisteo. Naging mainipin at nangamba si Saul sapagkat unti-unti nang umaalis ang kanyang mga kasama. Kaya't siya na mismo ang nanguna sa paghahandog ng mga hain, lumabag siya sa utos ng Diyos. Bilang resulta, sinabi ni Samuel na hindi magtatagal ang paghahari ni Saul, at pipili ang Diyos ng isang lalaki na susunod sa kanyang puso upang maging hari. Nagpatuloy si Saul

sa kanyang pagsuway sa Diyos. Ito ang naging dahilan ng paglisan ng Espiritu ng Diyos sa kanya.

Naging labis na malungkot at takot si Saul. Alam niya na malaki ang kanyang naging pagkakamali. Kahit may pagsisisi siya, patuloy pa rin siyang naghari, ngunit labis ang kanyang pangamba.

Sa huli, hinarap ni Saul ang isang malaking laban, laban sa mga Filisteo. Siya ay natatakot, at hindi niya alam ang gagawin. Nais niyang magkaroon ng gabay mula sa Diyos, ngunit hindi siya sinagot ng Diyos. Sa laban, pinatay si Saul at ang kanyang mga anak. Ito ay isang malungkot na katapusan sa paghahari ni Saul bilang hari.

Tatlumpung taon si Saul nang siya'y naging hari ng Israel at ito ay nagtagal sa loob ng apatnapung taon.

Ang Diyos ay makatarungan at maawain. Ang katarungan ng Diyos ay nangangailangan ng pananagutan para sa maling gawain, ngunit nagkakaloob din Siya ng mga pagkakataon para sa pagsisisi at pagbabago.

